Laguna University President III Dr. Charlemagne G. Laviña underscored the

university's commitment to student-centered service, noting that initiatives like the SSS E-Center support accessible and responsive assistance for students. "In Laguna University, we listen with

our hearts. Serving our students is the main priority," he said.

The initiative forms part of SSS' ongoing efforts to expand service delivery channels and strengthen partnerships with academic institutions while promoting social security awareness among future members.

Climate Change... (FROM PAGE 8)

- National Commander Dr. Richard Nixon Gomez, Senior Deputy Commandant, Science and Technology for Environmental Progress (STEP)

- MGen. Jerry A. Adigue, Senior Deputy Commandant, Industrial Environmental Safety and Pollution Control Command (IESPCC)

- MGen. Clifford Gonadan, Senior Deputy Commandant, Environmental Protection Enforcement Command (EPEC)

- MGen. Modesto C. Buendia, Senior Deputy Commandant, Reforestation and Biodiversity Command (RBC)

- Atty. Luz O. Laureta-

Balisong, Senior National Commission of Senior Citizens

Distinguished officials present during the ceremony:

- Assistant Director Virgilio R. Castillo II, Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA)

- Regional Director Atty. Lorelie S. Vargas, Department of Trade and Industry (DTI)

- BGen. Orly Dela Cuesta, Regional Consultant, IESPCC

The partnership establishes a coordinated framework for joint initiatives including strict enforcement of environmental laws, pollution control and mitigation, large-scale reforestation and

biodiversity conservation, integration of science and technology in climate adaptation and mitigation, promotion of green industries and sustainable livelihoods, and protection of vulnerable sectors – including senior citizens – from the impacts of climate change. Agencies also committed to align environmental protection efforts with anti-illegal operations, eliminating activities that destroy ecosystems alongside other unlawful practices.

Aligned with the call for "Climate Action, NOW!", priority programs will be piloted in key areas before being rolled out nationwide—supported by regular multi-sectoral consultations, joint monitoring, capacity-building activities, and public information campaigns.

Turnover... (FROM PAGE 8)

The mobile clinic, equipped with essential medical and dental facilities including tools for basic medical care and dental procedures such as tooth extraction — will be operated by the City Health Office. This initiative underscores the city's commitment to bringing quality healthcare closer to the community, especially to areas where access has been limited.

Mayor Jonjon Ferrer emphasized the importance of this milestone, stating that the mobile clinic represents the city's dedication to ensuring that no

GenTriseño is left behind when it comes to health services.

Vice Mayor Jonas Labuguen also expressed his support, highlighting that this project is aligned with the city's vision of inclusive and sustainable development, in line with SDG 3: Good Health and Well-being.

"This mobile clinic is more than just a vehicle it is a symbol of our collective effort to provide compassionate and accessible healthcare for all," Mayor Ferrer said. Vice Mayor Labuguen added, "Together, we are building a healthier,

stronger General Trias."

The City Health Office will soon roll out schedules and routes for the mobile clinic to ensure that residents across different barangays can benefit from its services.

Key Highlights:

- Fully equipped mobile clinic for medical and dental services

- Operated by the City Health Office

- Supports SDG 3: Good Health and Well-being

- Strengthens the city's Alagang GenTri program

With this initiative, the City Government of General Trias continues to uphold its mission of delivering accessible, quality healthcare to every GenTriseño.

Pagpapalakas sa Industriya ng Ube sa pamamagitan ng mga Pagsasanay, Suportado ng DA-ATI CALABARZON

Bilang pagsuporta sa pagsusulong ng pamahalaan na mas paunlarin ang industriya ng ube at makatugon sa lumalaking demand, patuloy na pinalalakas ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON ang paghahatid ng makabagong kaalaman at teknolohiya sa produksyon at pagpoproseso ng ube.

"Maganda at malaki ang potensyal ng ube. Patok na patok ito bilang sangkap sa iba't ibang pagkain, at patuloy ang pagtaas ng demand—hindi lamang locally kun'di pati na rin globally. Ito ay isang malinaw na oportunidad para sa ating mga magsasaka, agripreneurs, at iba pang stakeholders sa industriya ng ube," ani Dr. Rolando V. Maningas, RAgr, Center Director ng DA-ATI CALABARZON.

Kaugnay nito, 33 Agricultural Extension Workers (AEWs) mula sa iba't ibang bayan sa rehiyon ang sinanay sa Training on Ube (Purple Yam) Production, Postharvest, Handling, and Processing, na isinagawa noong Hulyo 20-23, 2026, sa Ouan's Worth Farm and Family Resort Corporation, isang Private Agriculture and Fisheries Extension Service Provider (PAF-ESP) ng ahensya sa Lucena City, Quezon.

Sa pamamagitan ng kanilang re-entry action plan na bahagi ng pagsasanay, magsisilbing daan ang mga AEW upang maibaba ang mga teknolohiya at kasanayan sa mga magsasaka ng ube sa kani-kanilang mga bayan tungo sa mas masaganang produksyon

at mas mataas na kita.

Kabilang sa mga pamamaraang kanilang natutuhan at ibabahagi sa mga magsasaka ng ube ang soil testing, land preparation, wastong pagpili ng planting materials, pagpaparami, replanting, pamamahala sa mga sakit at peste, pag-ani, at postharvest handling and storage. Sa tulong ito ng mga tagapagsanay na sina Bb. Kimberly R. Reyes, RAgr (Provincial Agriculture Office - Quezon), Bb. Ma. Almira C. Silva (Mira's Food and Agriventure, Inc.), at Bb. Sierralyn S. Sandoval, RAgr (DA-Regional Crop Protection Center IV-A).

Bahagi rin ng pagsasanay ang aktuwal na pagpoproseso ng ube at lakbay-aral sa BeeGood Agri Ventures OPC, isang Learning Site for Agriculture (LSA) ng DA-ATI CALABARZON sa Tiaong, Quezon. Mula rito, natutuhan ng mga AEW ang wastong pagpaparami ng ube, gayundin ang tamang pagpili at paghahanda ng planting materials.

"Ako po ay naipadala dito sa training sa ube dahil sa amin po ay may isang barangay na exclusively ube ang itinatanim. Ang naging

practice po doon sa amin ay ang traditional way. Ngunit sa training na ito, nalaman ko na may iba pa palang paraan ng cultural management

upang makatipid sa gagamiting planting materials. Natutunan ko rin ang kahalagahan ng postharvest dahil kadalasan, ang naging practice ay pagka-harvest, ilagay na agad sa sako at direkto benta na. Ito po 'yung mga ibabahagi at gagawin namin sa aming bayan pagbalik ko," pahayag ni Andrian Paul William Luna, AEW mula sa Talisay, Batangas.

Bilang suporta sa propesyonalisasyon at pagpapatibay ng mga kaalaman at kasanayang pang-agrikultur, nakatanggap ang mga kalahok na rehistradong agrikultur ng 7.5 Continuing Professional Development (CPD) credit units mula sa pagsasanay.

Bukod dito, nauna na ring nagsagawa ang DA-ATI CALABARZON ng malawakang webinar sa produksyon at pamamahala ng ube sa pamamagitan ng regular na programa nitong Agricultural Technologies thru Internet at Home (ATI@Home) para sa Best Purple Harvest: Ube Production and



Management noong Abril 30, 2026. Nakibahagi sa webinar ang 848 na kalahok mula sa iba't ibang sulok ng bansa, kung saan 700 rehistradong agrikultur ang nakatanggap ng 1.00 CPD credit unit.

Aktibo rin ang DA-ATI CALABARZON sa pamamahagi ng information, education, and communication (IEC) materials tungkol sa ube sa mga pagsasanay at Farmers' Information and

Technology Services (FITS) Centers at FITS Kiosks sa iba't ibang bayan sa rehiyon upang mas gawing aksesible ang mga kaalaman at teknolohiya sa produksyon at pamamahala ng ube. Nakaplano na rin para sa susunod na taon ang iba pang mga pagsasanay na may kaugnayan sa industriya ng ube bilang patuloy na pakikiisa ng ahensya sa hangaring mapaunlad pa ang industriya.

"Patuloy nating pagtulungan ang pagpapalakas ng industriya ng ube sa pamamagitan ng i n o b a s y o n , pakikipagtulungan, pagbabahagi ng kaalaman, pagpapanday ng kasanayan. Sa ganitong paraan, makapag-aambag tayo sa pag-unlad ng kabuhayan ng ating mga magsasaka at sa paglago ng sektor ng agrikultura," ani Dr. Maningas.

Pinoy Dancers... (FROM PAGE 1)

Nagpakitang-gilas ang tatlong kilalang dance crews ng Pilipinas sa ginanap na International Dance League (IDL) Seoul Series sa South Korea matapos mag-uwi ng mga prestihiyosong parangal laban sa ilan sa pinakamahasag na dance groups mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Pinangunahan ng VPeez ang tagumpay matapos tanghaling kampeon sa Junior Division, isang patunay ng husay, disiplina, at dedikasyon ng mga batang mananayaw na matagal nang nagbibigay ng karangalan sa bansa sa iba't ibang internasyonal

na kompetisyon.

Hindi rin nagpahuli ang UPeepz, na nasungkit ang ikalawang puwesto sa Adult Division, habang itinanghal namang ikatlong puwesto ang BAWZ, dahilan upang makumpleto ng Pilipinas ang makasaysayang pagtatapos sa podium ng naturang kategorya.

Ang tagumpay ng tatlong Filipino dance crews ay sumasalin sa patuloy na pag-angat ng antas ng street dance at choreography sa Pilipinas.

Sa bawat galaw, pormasyon, at pagtatanghal, ipinakita nila ang kakaibang talento, pagkamalikha, at pusong

Pilipino na hinahangaan sa buong mundo.

Hindi lamang tropeo ang kanilang iniuwi, kundi inspirasyon para sa libu-libong kabataang nangangarap na makilala sa larangan ng sayaw.

Muli nilang pinatunayan na sa pamamagitan ng sipag, tiyaga, at pagkakaisa, kayang makipagsabayan ng mga Pilipino sa pinakamahasag na mananayaw sa buong mundo.

Isang malaking pagbati sa VPeez, UPeepz, at BAWZ sa pagbibigay ng panibagong karangalan sa Pilipinas. Tunay na ang galing at talento ng Pinoy ay patuloy na sumasayaw tungo sa tagumpay sa pandaigdigang entablado.

symbolizes the community's collective commitment to nurturing faith and building a resilient and compassionate town. It stands as a beacon of hope, service, and devotion for generations to come.

a foundation for strengthening values and fostering solidarity among Tanzeños.

The opening of the Saint Ignatius of Loyola Chapel

Historic... (FROM PAGE 1)

expressed his heartfelt support for the chapel's mission, emphasizing that the new place of worship will not only serve as a spiritual haven but also as

Carmona...

(FROM PAGE 1)

Mayor Loyola underscored the significance of collective action in public health, stating that every drop of donated blood represents courage and compassion. She emphasized that Carmona will always be a home to heroes who embody the spirit of service and solidarity.

The ceremony also paid tribute to 10 companies, 4

partner organizations, and 2 partner facilities whose support ensured the success of blood donation drives in the city. Among the recognized partners were TV5 Alagang Kapatid Foundation, Alpha Phi Omega Carmona Alumni Association, Kawani ng Pamahalaang Bayan ng Carmona Multi-Purpose Cooperative, Liga ng mga Barangay, Gen. Emilio

Aguinaldo Memorial Hospital – Blood Collecting Unit and Blood Bank, and the Philippine General Hospital Department of Laboratories.

Mayor Loyola concluded the event with a heartfelt message of gratitude, saluting all donors and partners for their dedication to building a safe and healthy Carmona. The city reaffirmed its commitment to sustaining blood donation initiatives, proving once again that Bayan Muna, Lagi.

Imus City Jail...

(FROM PAGE 1)

Ipinahayag ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni Mayor Alex "AA" Advincula, ang taos-pusong pagbati sa mga opisyal at kawani ng Imus City Jail sa kanilang panibagong tagumpay na nagbibigay ng karangalan hindi lamang sa kanilang tanggapan kundi sa buong lungsod.

Sa pamumuno ni JCINSP Charles Kenneth M. Maquera, Warden ng Imus City Jail Male Dormitory, nakamit ng kanilang yunit ang mga sumusunod na pagkilala, Best in Logistical Linkages, Best Food Service Unit in Cavite Province, at Best Escorting Unit sa Type B Jail Category.

Bukod dito, kinilala rin si JO1 Roselynette M. Cosico bilang Best Helpdesk Officer sa Type B Jail Category dahil sa kanyang mahusay na pagganap sa tungkulin.

Samantala, sa ilalim ng pamumuno ni SJO4 Elvie A. Dela Cruz, Warden ng Imus City Jail Female Dormitory, nasungkit din ng kanilang yunit ang mahahalagang pagkilala.

Itinanghal si SJO4 Dela Cruz bilang 2nd Best Performing Female Dormitory para sa 1st Quarter, habang si JO1 Angel Mae Bautista ay kinilalang Best Custodial Officer sa Type C Jail Category. Naiuwi rin ng Female Dormitory ang

Best Escorting Unit sa Type C Jail Category.

Ayon sa Pamahalaang Lungsod ng Imus, ang mga parangal na ito ay bunga ng sama-samang dedikasyon, disiplina, at tapat na paglilingkod ng bawat miyembro ng Imus City Jail.

Patunay rin umano ito na ang mahusay na pamumuno at pagkakaisa ay nagbubunga ng dekalidad na serbisyo publiko.

Sa pagtatapos, muling binati ng lokal na pamahalaan ang lahat ng mga awardee at hinikayat ang mga ito na ipagpatuloy ang kanilang mahusay na paglilingkod bilang inspirasyon sa kapwa lingkod-bayan at patuloy na magbigay ng karangalan sa Lungsod ng Imus.

PINOY STUDENTS, GUMAWANG ROBOTIC HAND NA NAGSASALIN NG BOSES SA SIGN LANGUAGE, WAGI SA ROBOTICS COMPETITION

Isang makabagong imbensyon ang ipinakilala ng mga Computer Engineering students ng De La Salle Lipa matapos nilang likhain ang VOICEGEST, isang robotic hand na kayang isalin ang boses ng tao sa mga galaw ng Filipino Sign Language (FSL) upang makatulong sa mas inklusibong edukasyon.

Ang proyekto ay binuo nina Althea Lat, Alexie Shane Lenesses, at Nathanael Malabanan, mga fourth-year Computer Engineering students.

Gumagamit ang VOICEGEST ng isang 3D-printed robotic hand na nakakonekta sa isang mobile application.

Sa pamamagitan ng voice recognition, maaaring magsalita ang isang user at awtomatikong igagalaw ng robotic hand ang mga katumbas na letra, numero, at ilang pangunahing salita sa Filipino Sign Language.

Mayroon din itong touch controls upang magamit kahit ng mga hindi makapagbigay ng voice command.

Nabuo ang ideya matapos malaman ng grupo ang kakulangan ng teaching personnel sa isang special education school sa Malvar, Batangas, na nagsisilbi sa mga mag-aaral na may kapansanan sa pandinig at komunikasyon.

Sa halagang tinatayang

P15,000 hanggang P20,000, naitayo ang prototype bilang isang mas abot-kayang alternatibo kumpara sa iba pang assistive technologies na mas mahal ang halaga.

Dahil sa kanilang inobasyon, nasungkit ng VOICEGEST ang kampeonato sa Freestyle Category ng Murata Robolution 2025, kung saan nakipagsabayan ang De La Salle Lipa sa iba pang mga unibersidad na nagpakita ng robotics at artificial intelligence projects.

Bagama't limitado pa sa isang robotic hand ang kasalukuyang bersyon at hindi pa kayang ipakita ang mas komplikadong sign language na nangangailangan ng dalawang kamay, ekspresyon ng mukha, at galaw ng katawan, patuloy na pinaunlad ng grupo ang proyekto.

Kabilang sa kanilang mga plano ang pagpapalawak ng sign vocabulary, pagdaragdag ng audio features, at mas maraming gamit para sa



teknolohiya.

Ayon sa student developer na si Althea Lat, layunin ng kanilang proyekto na magsilbing tulay tungo sa mas maayos na komunikasyon.

Higit pa sa isang robotic

hand ang Voicegest ay simbolo ng pag-asa at inklusibong kinabukasan, patunay na ang talino at malasakit ng kabataang Pinoy ay kayang bumuo ng teknolohiyang nagbibigay ng boses sa bawat isa.

Aguinaldo, Ifugao Honors Historic Ties with Kawit, Cavite

Kawit, Cavite - The Municipality of Aguinaldo, Ifugao, led by Municipal Mayor Hon. Clemente Talusig, paid tribute to the birthplace of General Emilio Aguinaldo, the first President of the Philippines, through a courtesy visit to Municipal Mayor Hon. Cynthia "Armie" Aguinaldo of Kawit, Cavite.



Mayor Talusig was warmly received by Mayor Cynthia Armie Aguinaldo, together with Kawit's officials and department heads, during a formal meeting at the Office of the Mayor. The two leaders discussed avenues for collaboration, particularly in governance innovation and cultural preservation, underscoring the shared heritage that binds their municipalities.

The visit's centerpiece was Mayor Talusig's solemn tour of the Aguinaldo Shrine, where he honored General Emilio Aguinaldo by offering a salute at the national hero's tomb. This symbolic gesture carried profound meaning for the Municipality of Aguinaldo, Ifugao, which proudly bears the name of the revolutionary leader. Standing at the birthplace of their namesake, Mayor

Talusig emphasized the enduring inspiration drawn from General Aguinaldo's patriotism and leadership.

In his remarks, Mayor Talusig expressed heartfelt gratitude to Mayor Cynthia Armie Aguinaldo and the people of Kawit for their hospitality. He conveyed optimism that the strengthened ties between Aguinaldo, Ifugao, and Kawit, Cavite

will pave the way for future partnerships in responsive governance and the preservation of historical heritage.

The event served as a powerful reminder that the Municipality of Aguinaldo's name is not merely a designation but a living tribute to General Emilio Aguinaldo a hero whose legacy continues to guide generations of Filipinos in their pursuit of nation-building.

PALAISSIPAN

1	2	3	4		5	6	7	8	9
10					11		12		
13					14	15			
16				17				18	
19			20				21		
			22			23			24
		25				26		27	28
29	30			31	32			33	
34			35				36		
37					38				
39							40		

PAHALANG

- 1 Luto sab aga
- 5 Pinatuyong ubas
- 10 Gamit sab albas
- 12 Bahagi ng mukha
- 13 Gulaman (inuulit)
- 14 Bansang bahagi ng Asia at Europa
- 16 Kaibigan; Ingles
- 17 Yari mula sa arina
- 18 Doktorado sa batas; daglat
- 19 Ginagawang lubid
- 21 Simbolo ng sodium
- 22 Tulong
- 25 Pandiwang pantukoy
- 26 Damit ng pari
- 29 Maiwan; Ingles
- 31 Titulo sa kabanalan
- 33 Lason mula sa tabako; Ingles
- 34 Ihasa
- 36 Inumang yari sa luwad
- 37 Bunga sa ilalim ng lupa
- 38 Estado ng Amerika
- 39 Isangkot
- 40 Kabayo

PABABA

- 1 Itakip
- 2 Anyaya sa antok
- 3 Abenida sa Makati
- 4 Giyera; Ingles
- 6 Abril; daglat
- 7 Sugat
- 8 Kapatid ni Cain
- 9 Principe de___; Maharlika sa Malta
- 11 Katutubo
- 15 United Nations; daglat
- 17 Halaga; Ingles
- 20 Isang Pantukoy
- 21 National Association of Broadcasters; daglat
- 23 Tribu ayon sa Biblia
- 24 Putong
- 25 Siyudad sa Guam
- 27 Ikubli
- 28 Gamit sa ospital
- 29 Muni
- 30 Deriktiba
- 31 Isang pantukoy
- 32 Usok
- 35 Karakter sa "The Simpsons"
- 36 Anak ng patriyarkang Noe

SAGOT SA NAKARAAN

L	A	P		I	S	A	Y	A	W
I	M	U	S		U	M	O	K	U
M	A	N	I		L	A	G	O	O
A		Y	A	K	U	Z	A		Y
		T	A	N			O		I
S	I	G	O	K		N	A	T	A
I	G	I		U			L	A	D
S			I	H	A	L	A	L	L
N	A	I	N	I	S		G	A	T
E		T	A	L	A		A	G	I
	K	A	T	A	L	A		A	M

ERRATUM

This is to correct the error made in the publication Notice of Extra-Judicial Sale with **Foreclosure No. 2026-78** filed by **CTBC BANK (PHILIPPINES) CORPORATION** versus **EUGENE L. JANDUSAY**, filed at RTC Bacoor City. The correction should be **MELY C. HERMOSURA-VISTA** dated on **July 14, 21 & 28, 2026**, as a correct input not as published.

Publication: Cavite Times Journal
Dates: August 04 - 10, 2026

CALAX Earns Three GREEN Awards for Environmental Sustainability

MPCALA Holdings Inc. (MPHI), a subsidiary of Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC) and the concessionaire of the Cavite-Laguna Expressway (CALAX), has been recognized by the City Government of Santa Rosa, Laguna, for its unwavering commitment to environmental sustainability. This marks the fourth consecutive year the company has been honored by the local government. **► CALAX EARNS • 5**



From L-R: Santa Rosa City Councilor Hon. Carmela Rosa Gonzales-Colmenar; MPCALA Holdings Inc. Facilities Management and MEPF Senior Engineer Dhale Angelo D. Santos; MPTC Assistant Vice President for Central Quality, Environment, Safety and Health (QESH) Allan Jeffrey N. Ang; MPTC Vice President for Stakeholder Engagement Arlette V. Capistrano; Santa Rosa City Mayor Hon. Arlene B. Arcillas; Santa Rosa City ENRO Head Engr. Maria Amor A. Salandanan, EnP.; and Santa Rosa City Councilor Hon. Mythor C. Cendaña. Photo credit: Santa Rosa City Environment and Natural Resources Office

CAVITE TIMES JOURNAL

PAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITEÑO
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

VOL. XXII • NO. 26 • 10.00 • AUGUST 04 - 10, 2026

Climate Change Task Force Leads Multi-Sectoral Partnership Signing; Declares "Climate Action, NOW!"



BAGUIO CITY – July 30, 2026 – The Climate Change Task Force convened key government agencies, uniformed services, and sectoral representatives at 5:00 PM in Baguio City for the signing of the Inaugural Multi-Sectoral Partnership Memorandum of Agreement. Anchored on the battle cry "Climate Action, NOW!" and guided by the vision "Partnership for a Sustainable, Resilient and Climate-Smart Nation," the event formalizes unified, coordinated action to address pressing environmental challenges across the country.

The memorandum of agreement was signed by the heads of the lead environment-focused commands: **► CLIMATE CHANGE • 5**

Bacoor Marks 128th Anniversary of Historic Assembly

STA. CRUZ, Laguna — The Social Security System (SSS) Sta. Cruz Branch has inaugurated its first campus-based Offsite E-Center at Laguna University, bringing vital services closer to more than 6,700 students, 250 faculty and staff, and nearby communities.



Agosto 1, 2026

Ika-128 Anibersaryo ng Araw ng Paglalathala at Pagtatanyag ng Kasarinlan ng Pilipinas

G. Benjo De Castro

SSS Sta. Cruz Branch Head Eleanor Ebreo said the facility serves as a dedicated hub for faster and more efficient online services, including membership assistance,

online verification of records, filing of benefits and claims, and other essential online transactions.

"By establishing this facility inside Laguna

University, we aim to strengthen our partnership with academic institutions and promote greater social security

► BACOR MARKS • 5

Turnover of Health and Dental Mobile Clinic in General Trias



General Trias, Cavite — The City Government of General Trias proudly announces the official turnover of its Health and Dental Mobile Clinic, a major step toward making healthcare services more accessible to every GenTriseño family. **► TURNOVER • 5**



Fresh kicks have arrived at SM City Trece Martires: Sneaker enthusiasts can now explore Sneaker Street, featuring a lineup of the latest styles, trending silhouettes, and must-have pairs from your favorite brands—all in one convenient shopping destination. Catch it from July 26 to August 8 at the Lower Ground Floor Event Center and find your next favorite pair at your most-loved mall, SM City Trece Martires.

SSS, BIR strengthen interagency cooperation through landmark partnership

QUEZON CITY – The Social Security System (SSS) and the Bureau of Internal Revenue (BIR) on Friday formalized a landmark partnership to strengthen compliance with tax and social security laws, enhance data sharing, and improve public service delivery. **► SSS, BIR • 5**

